

97mm (内側に折り込む面) A

100mm

B

100mm

C

Panimula



Abogado
Kunio Hiram

Tokyo Bar Association
Nagtapos mula sa Faculty of Law,
Tokyo University

Ang pamumuhay sa isang
banyagang bansa ay maaaring magdala ng pag-asa,
ngunit kasabay nito ay may kasamang kaba at kalituhan.


Sa aming opisina, araw-araw
kaming tumatanggap ng iba't ibang uri
ng mga konsultasyon mula sa mga
Pilipinong naninirahan sa Japan.

"Hindi ko maintindihan
kung ano ang tungkol sa status of residence."
"Nais kong manatili sa Japan kasama ang aking anak,
pero may mga pangamba ako."
"May mga problema ako sa araw-araw na pamumuhay,
pero hindi ko alam kung kanino lalapit."

Sa ganitong mga suliranin,
taos-puso naming pinakikinggan ang bawat isa,
at bilang mga eksperto sa batas,
kami ay nakahandang tumulong upang hanapin
at pag-isipan ang pinakamainam na solusyon, kasama kayo.

Sa halip na mahihirap na salita,
hangad naming makapagbigay
ng malinaw at madaling intindihiing paliwanag,
kasabay ng isang mainit at tapat na pagdamay.

Nais naming makasama kayo sa paghahanap
ng paraang makapagpatuloy
ng maayos at panatag na pamumuhay dito sa Japan. Huwag
mag-atubiling kumonsulta sa amin.



Opisina ng Batas ni Hiram

Access	2 minutong lakad mula sa "Yotsuya Station" (Tokyo Metro Marunouchi Line, Tokyo Metro Namboku Line, JR Chuo Line, and JR Sobu Line)
Address	Silid 601, Musee Kojimachi, 6-4-9 Kojimachi, Distrito ng Chiyoda, Tokyo
Numero ng telepono	050-1809-3943 (konsultasyon) 03-6261-4888 (opisina)
Email address	info@hiramalaw.com

Libre ang konsultasyon sa telepono at email.
Kung may problema ka sa batas, buwis, o pagbabayad,
huwag mag-atubiling kumonsulta agad sa abogado.

VISA

Libreng Konsultasyon
sa Telepono



Libreng direktang tawag sa abogado para sa konsultasyon

☎ 050-1809-3943

Available
sa buong Japan

Bukas
sa buong taon

6:00-23:00

Manirahan sa Japan – Clean and Safe!

“Ano ang ‘Status of Residence’ ?
Anong mga uri ang meron?”

Mga pangunahing kondisyon
para maging Permanent Resident

Mga Madalas Itanong:
Ano ang mangyayari sa hinaharap?

Uri	Sino ang sakop	Mga Katangian
Permanent Resident	Matagal nang naninirahan	Walang renewal, malawak ang Kalayaan
Asawa ng Hapon	May asawang Hapon	Kailangang baguhin kapag naghiwalay
Long-term Resident	May dugong Hapon, atbp.	Maaaring manatili depende sa kundisyon
Dependent Visa	Asawa o anak ng working visa o estudyante	Hindi maaaring magtrabaho nang full-time

Permanent Resident

- Walang expiration / walang renewal
- Puwede sa kahit anong trabaho
- May mataas na kredibilidad sa lipunan
- May mahigpit na requirements para makuha

Halimbawa:

- Nanirahan sa Japan nang 10 taon o higit pa
- Mabuting asal
- May sapat na kita o ari-arian
- Nagbabayad ng buwis
- Hindi puwedeng mag-apply mula sa ilang visa (hal. Family Stay, Technical Intern)

Long-Term Resident

- May limitadong panahon ng paninirahan (hal. 1 taon, 3 taon)
- Malaya sa trabaho sa loob ng pinayagang sakop
- Inaprubahan batay sa personal na kalagayan

Halimbawa:

- May dugong Hapon (2nd o 3rd generation)
- Magulang na dayuhan na nag-aalaga ng anak na Hapon
- Dating asawa na kailangang manatili sa Japan dahil sa hiwalayan o DV

✔ 1. Matagal at maayos na pamumuhay sa Japan

Kaso	Kailangang Panahon (tinatayang taon)
Karaniwang aplikante	Humigit-kumulang 10 taon
Asawa ng Japanese	Permanent Resident Humigit-kumulang 3 taon
Anak ng Japanese	Permanent Resident Humigit-kumulang 1 taon

✔ 2. May maayos na pamumuhay

- May sariling kita o may sumusuportang pamilya
- Nagbabayad ng buwis at pension
- Hindi umaasa sa public assistance (tulad ng seikatsu hogo)

✔ 3. Mabuting asal

- Walang criminal record (kasama minsan ang traffic violations)
- Namumuhay nang ayon sa batas

✔ 4. May medium o long-term visa

- Hindi puwedeng mag-apply kung short-term tourist lang

👉 Paraan ng Pag-apply

1. Mag-apply sa Immigration (Regional Immigration Bureau)
2. Magpasa ng mga dokumento (hal. residence certificate, tax certificate, letter of reason)
3. Ang screening ay tumatagal ng mga 6 buwan ~ 1 taon
4. Kapag aprobado, makakakuha ka ng residence card bilang "Permanent Resident"

~ Para sa patuloy na pamumuhay nang magkasama sa Japan ~

Q : Paano maging permanent resident?

A : Kadalasan, kailangan ng 10 taon na paninirahan sa Japan at pagsunod sa batas. Kung kasal sa Hapon, puwedeng mas maikli ang panahon.

Q : Nakipaghiwalay ako sa Japanese na asawa ko. Kailangan ko bang umalis ng Japan?

A : Hindi agad kailangan umalis. Pero dahil ang visa ay para sa asawa ng Hapon, kailangan itong palitan (hal. maging Long-Term Resident). Depende ito sa sitwasyon sa Japan, gaya ng pagkakaroon ng anak. Mas mabuting kumonsulta agad.

Q : Pwede ko bang papuntahin ang pamilya ko mula sa sariling bansa?

A : Depende sa visa mo at relasyon ninyo. Kung may visa ka tulad ng "Permanent Resident", "Long-Term Resident", o "Spouse of Japanese", puwedeng papuntahin ang asawa at anak. Mahirap para sa magulang o kapatid maliban kung may espesyal na dahilan. Mas mainam na kumonsulta sa eksperto.

Q : May anak akong Hapon pero hindi kami kasal. Kailangan ko bang umuwi kapag naging adult na siya?

A : Hindi ibig sabihin na kailangan mong umuwi agad. Depende sa visa mo (hal. "Long-Term Resident") at sitwasyon mo sa Japan. Kapag bata pa ang anak at umaasa sa iyo, mas madali. Pero kapag adult na at nagtatrabaho, maaaring hindi na "dependent." Magandang magtanong muna sa eksperto bago dumating ang panahon.